


BAGONG PANANAW

Populasyon ng JRMSU bumaba

ni: Rhine Cajocon



Bumaba ang bilang ng estudyante ngayong ikalawang semester taong 2018-2019 ng Jose Rizal Memorial State University, Dipolog Campus.

Batay sa estatistika ng School registrar, bumaba ng 219 ang bilang ng mga estudyanteng nakapag-enroll mula sa kabuuang bilang

na 4,010 sa unang semester ay naging 3,791 na lamang ito ngayong ikalawang semester.

Bumaba ng 1,112 ang bilang ng mag-aaral ng College of Education (CED) mula sa bilang noong unang semester na 1,160, bumaba rin ang bilang ng mag-aaral ng College of Industrial Technology (CIT) mula sa bilang

na 305 noong unang semester hanggang 249 na lamang ngayong ikalawang semester.

Tumaas naman ang bilang ng mag-aaral ng College of Arts and Sciences (CAS) mula sa bilang na 695 noong unang semester hanggang sa bilang na 717 ngayong ikalawang semester, gayundin sa College of Criminology

(COC) na 1,009 mula sa bilang na 995 noong unang semester.

Ayon kay Ginoong Gabriel V. Manriquez, nakatalagang school registrar, madalas na bumaba ang bilang ng mga estudyante sa ikalawang semester tuwing pasukan dahil na rin sa problemang pinansyal.

Pagbisita ng mga akreditor, inaasahan na

ni: Gracy Mae Cabello

Ang Accrediting Agency of Chartered Colleges and Universities of the Philippines (AACUP) ay muling bibisita sa Jrmsu Dipolog Campus para sa 2nd level accreditation na gaganapin sa Abril o Oktubre, ngayong taon.

Naghahanda na ang mga kinatawan ng accreditation task force sa mga kina-kailangang dokumento para sa evaluation mula Area I to X sa pangunguna ng Unit Head na si Dr. Merlyn N. Luza kung saan ang Area 1 ay pokus sa Vision and Mission (vgmo) ng institusyon, area II ay para sa Faculties, area III pokus sa curriculum and instruction, area IV support to students (STO), area V, para sa research, para sa Comm. Extension and involvement ang are VI, area VII pokus sa Library, AREA VIII para sa Physical Plant and Facilities, AREA XI para sa Laboratories at ang panghuli para sa Area X ay ang Administration.

Ayon pa kay Dr. Luza, ang mga programa na hindi kasama sa 2nd level accreditation survey ay ang Bachelor of Elementary Education (BEED), Bachelor of Criminology (COC) at Bachelor of Hotel Restaurant management (BSHRM) dahil sila ay nakatakda na para sa revisit ng AACUP sa susunod na taon.

TES Orientation, matagumpay na dinaluhan

ni: Gracy Mae Cabello

"There is no more reason for the parents not to send their children to school." Ito ang mensahe ni Dr. Daylinda Luz R. Laput sa mga magulang at mag-aaral sa ginanap na Tertiary Education Subsidy orientation noong Pebrero 26, 2019 sa Jose Rizal Memorial State University Gymnasium.

Ang nasabing programa ay dinaluhan ng mga TES Grantees ng JRMSU Dipolog Campus kasama ang kanilang mga magulang.

Dumalo din ang Dekano ng Student Affairs and Services na si Dr. Jay D. Telen, mga opisyaes ng CHED, at ang presidente ng unibersidad na si Dr. Daylinda Luz R. Laput.

Nagbigay din ng pangaral si Dr. Laput para sa mga TES Grantees na maging maingat sa paggastos, huwag basta gastusin ang perang matatangap sa mga

hindi mahahalagang bagay. "No to one day millionaire syndrome, and set your priorities." Dagdag pa ng presidente ng unibersidad sa kanyang mensahe.

Layunin ng programang ito na makatulong sa mga estudyante na may problema na pinansyal upang makapagtapos ang mga ito ng pag-aaral.



BALITA

CED, sumabak na sa Internship

ni: Roger Bagalanon



Sinimulang isalang sa internship ang mga mag-aaral na nasa ikaapat na taon ng College of Education (CED) noong Enero 9 nitong taon.

Tinatayang nasa 437 na mag-aaral naedeploy, 195 dito ay mga BEED, 106 BSSED-English, 34 BSSED-Math, 58 BSSED-MAPEH, at 44 na BSSED-Filipino.

Samantala, sinimulan naman ang kanilang "Special Demonstration" noong ika-28 ng Enero na nagtapos noong Pebrero 15, 2019. Ang kanilang "Final Demonstration" naman ay sinimulan noong Pebrero 18, 2019 at inaasahang magtatapos sa ika-22 ng Marso ngayong taon.

Ayon kay Prof. Gemma S. Orosca, Field Study Coordinator ng unibersidad, layunin ng internship ang maisakatuparan ang kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon sa parehong pasulat at pasalitang anyosa pandaigdigang pananaw at maisakatuparan ang aktwal na pagtuturo sa tunay na setting ng silid-aralan.

Gayunpaman, inaasahan na sa ika-5 ng Abril magtatapos ang naturang intership.



National Dental Month

Libreng Bunot, dinagsa

ni: Rose Claire Bajamunde at Mevilona Silva

Bilang selebrasyon sa "National Dental Month", dinagsa ang taunang libreng pagbunot ng ngipin sa Jose Rizal Memorial State University Dipolog Kampus noong ika-12 ng Pebrero ngayong taon.

Ang nasabing programa ay pinangunahan ng Dentista ng Unibersidad na si Dr. Ryan Niel Asprer kasama ang labing isang dentista mula sa syudad ng Dipolog at probinsya ng Zamboanga del Norte.

Napuno ang outdoor stage ng JRMSU Dipolog Kampus ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang departamento at tinatayang 110 sa mga ito ang nabunutan sa loob lamang na tatlong oras mula alas 9 ng umaga hanggang alas 12 ng tanghali.

Ayon kay Judy May Antonio, AB-Journalism I, "malaking tulong para sa amin ang libreng bunot ng ngipin dahil hindi sa lahat



ng panahon may ganitong oportunidad na dumarating." rin ito ng magandang feedback

Naging maayos ang daloy mula sa mga estudyante.

Propesor ng JRMSU Dipolog Campus, pinarangalan

ni: Rhine Cajocon

Nakasungkit ng parangal ang tatlong guro ng Jose Rizal Memorial State University Dipolog campus sa isinagawang JRMSU System Wide Fellowship and Christmas Party na ginanap sa Dapitan Main Campus Gymnasium noong Disyembre 15, 2018.

Ang nasabing mga guro ay sina Dr. Elsie Sandueta, Faculty ng College of Education, na nakatanggap ng parangal bilang Best Researcher; Dr. Joseph Salvel R. Campiseno, Faculty Info System ng College of arts and Sciences, pinarangalan bilang Best Extensionist; at nakatanggap din ng Faculty Meritorious Award si Dr. Joji T. Recamara, Faculty ng College of Education.

Ayon kay Dr. Sandueta, natuwa siya at hindi niya inaasahan na siya ang makakakuha

ng parangal dahil marami rin ang karapat-dapat na manalo.

Dumalo sa nasabing aktibidad ang dating presidente ng JRMSU System na si Dr. Edgar Balbuena. Dinaluhan rin ito ng mga guro at opisyal galing sa iba't

ibang kampus ng Unibersidad.

Ang naturang programa ay kaugnay sa ginanap na University week ng JRMSU System na pinangunahan ng ating Presidente na si Dr. Daylinda Reluya-Luz R. Laput.



Mag-aaral ng COC pasado sa CLE

ni: Mary Lestley Jebone

Ginanap ang Criminology Licensure Examination o CLE sa iba't ibang panig ng bansa noong Disyembre 14-16, 2018.

Kabilang sa kumuha ng nasabing licensure exam ang 277 na mag-aaral mula sa Jose Rizal Memorial State

University, Dipolog Campus. Sa 147 na bilang ng mga first timers, 38.75% ang pumasa na katumbas sa 57 na mag-aaral. Samantalang sa 130 na bilang ng mga repeaters ay 10.77% ang pumasa na katumbas sa 14 na mag-aaral. Sa 277 na kabuuang bilang

ng mga mag-aaral ng JRMSU-Dipolog Campus na kumuha ng Criminology Licensure Examination ay 25.63% ang pumasa na katumbas sa 71 mag-aaral. Sa ibaba ay makikita ang mga listahan ng mga pangngalan ng pumasa sa Criminology Licensure Exam 2018.

Pre-Valentine 2019, kinasiyahan ng JRMSU

ni: Rigin Rusiana

"Tunay na kasiya-siya ang ating pagdaraos sa Pre-Valentine 2019 kahit may mga konting problemang naranasan, sa tulong ng Panginoon, naitawid din at naging matagumpay ito," ito ang mga salitang binitawan ni Mike Kevin Pampilo, Bise- Presidente ng Supreme Student Government sa ginanap na Pre-Valentine Celebration noong Pebrero 13 ngayong taon sa Jose Rizal Memorial State University Dipolog Campus. Dinaluhan ang nasabing

programa ng mga mag-aaral ng iba't ibang departamento sa pangunguna ni Joseph B. Pasco, president ng Supreme Student Government ng JRMSU Dipolog Campus. Bilang bahagi ng pagdiriwang, nagkaroon ng paligsahan sa sports tulad ng Basketball Men at Volleyball Women. Nasungkit ng College of Criminology (COC) ang kampeonato sa Basketball Men gayundin sa Volleyball Women. Sa kabilang dako, nasa

pagdiriwang din ang mga opisyal at mag-aaral ng iba't ibang organisasyon na silang nanguna sa pagpapatayo ng sari-saring mga Booth tulad ng Photo booth, Dj booth, Blind date booth at marami pang iba. Ayon kay J Israel Adriatico, mag-aaral ng College of Arts and Sciences, naging masaya at matagumpay ang pagdiriwang sa kabila ng kakulangan sa panahon ng paghahanda sa tulong at kooperasyon ng mga mag-aaral na nakilahok.




AMBABANG, LESTHER S.
BAJAO, CHERRY MAE B.
BALINGIT, CLIFFORD S.
BARO, ALVIN S.
BAUTISTA, JOSHUA V.
BICOY, MARIFE T.
CAIDET, ROY D.
CAMANGCAS, NELSON M.
CHIONG, MICHAEL JOHN T.
COLOT, NOEL A.
CORONEL, JOHN NIEL S.
CRUZ, DOFEL DAVID E.
DAIG, MARY JOY C.
DALMAN, JOE KURT M.
DONATO, BRYAN A.
ELUMBARING, SHIN CARLO G.
ENGUITO, JEROME A.
ENTION, JUNE BERT B.
ESLIT, ARIEL JOSEPH L.
GANDAMON, JAMES P.
GEORPE, ROLLY A.
LACSAYAO, GERMIE B.
LADERA, KIMBERLY D.
LAGARNIA, MARIO JR. L.
LAUREANO, JHEO VINCENT B.
LESONDRA, SARAH L.
LIBO, ARNEL A.
LOMOCOSO, JESSERNY Y.
LUNTAD, ROGELIA L.
MAGTUBA, WAWWEY P.
MAKINAMO, JEFFREY Y.
MAMIGO, VINCENT M.
MARIA-AS, JAY MARK L.
NAYAL, JR B.

OMISOL, JAY LORD A.
OTUD, JESSYL CLAIRE T.
PADICA, REYLAN C.
PIZON, REYMARK D.
PONGGAN, SANNY A.
QUIMIGING, GARY T.
SAGARIO, EARL GN D.
SAUGN, CHRISTOPHER T.
SUFICIENCIA, ROBEJENN R.
SUMITON, VICENTE III S.
TAGAPAN, CHARLITO JR. A.
TAPIA, REYNALDO
TEQUIL, GERALDINE S.
TINONGA, ALMA N.
TUBIO, JASON R.
TURCO, FRENZ JOSHUA R.
LABADAN, KIA MAE E.
CABILES, REY MARK C.
JERUSALEM, STEPHANIE
ONBIANG, VANESSA A.
RAZORADO, EPRIL ROSE A.
REDOBLE, MC POL L.
ROMANO, GELBERT M.

RUIZ, KEITH DARYL M.
SABANAL, MARY JOY D.
WATE, ORVIN S.
SUMOHID, NEIL B.
SUMALPONG, RHOMEREX
DAAN, EMMANUEL Y.
SOLINA, MARICAR B.
SUAN, RICHARD P.
ELLIMA, HERLYN P.
OCAMPO, JIMVER O.
HABLO, KEN FRANCIS P.



EDITORIAL



AACCUP, ano ang kahalagahan?

Ang Accrediting Agency for Chartered Colleges and Universities in the Philippines (AACCUP) ay kaanib ng Association of Local Colleges and Universities Commission on Accreditation, Inc. (ALCUCOA).

Ang AACCUP ay isang proseso kung saan pinag-aaralan ng tertiary level institution ang mga programa nito sa edukasyon na nangangalap ng independent judgement upang makuha ang mga layunin nito. Kabilang sa kriterya para sa pagsusuri sa mga programa ay ang iba't ibang area. Ang area 1 ay pokus sa Vision and Mission (vgmo) ng institusyon, area II

ay para sa Faculties, area III pokus sa curriculum and instruction, area IV support to students (STO), area V, para sa research, para sa Comm. Extension and involvement ang area VI, area VII pokus sa Library, AREA VIII para sa Physical Plant and Facilities, AREA XI para sa Laboratories at ang panghuli para sa Area X ay ang Administration.

Ang pangunahing tungkulin ng AACCUP ay ang mga mag-accredit ng curricular programs at mga institusyon upang umayuda sa State Universities and Colleges (SUCs). Pinag-aaralan nito ang programa at mga institusyon

upang ayudahan sa SUCs na matamo ang pamantayan ng pagkamahusay na nakaambag sa dekalidad na higher education sa bansa.

Isang napakagandang layunin ang tinataglay ng AACCUP sa pagsusuri sa mga programa ng isang institusyon sapagkat taglay nito ang pagtatag ng isang matibay, maasahan at dekelibreng edukasyon para sa mga mamamayang Pilipino.

Kinukonsulta ng foreign universities ang AACCUP hinggil sa accreditation status ng mga programa para sa mga estudyanteng Pilipino na naghahangad ng admission. Noong taong 2014, nagulat ang AACCUP ng malaking bilang

ng accreditation visits, mahigit 1,372 programa ang nagawaran ng accreditation status.

Ang programang nagawaran ng accreditation status ay nagkakaloob ng pagkakabantos sa member institutions,

umaayuda sa mga magulang upang malaman kung aling programa ang narapat para sa kanilang mga anak, palawakin ang kamalayan ng sektor ng edukasyon sa mga pamantayan ng kahusayan.

Ang Bagong Pananaw

PATNUGUTAN
S.V. 2018-2019

Punong Patnugot: Arghel A. Torres

Katulong sa Patnugot: Brix Jasper V. De Leon

Manunulat: Roger Bagalanon, Mevilona Silva, Vanessa Quirante, Chinie Paracale, Roseller Batal and Richard

Feature Writers: Rose Clare Bajamunde, Roseller Batal, Jessa Villanueva and Ahlexa Amarille

Columnist: Gracy Mae Cabello

Tagakuha ng Larawan: RJ Nerf Calasang and Rigin Rusiana

Karikatura: Veilton Morgia

Managing Editor: Rhine Cajocon


Tagalay-out: Joemuel U. Daymiel

Tagapayo: Daisy Ruiz, M.A. Fil


Dean, Students Affairs and Services: Dr. Felipe A. Pialago

JRMSU System President: Daylinda Luz R. Laput, Ph.D.

EDITORIAL



OPINYON



Salipawpaw

TES grantees, maging responsable

ni: Brix Jasper De Leon

Ang Republic Act. No.10931 Section 7 o mas kilala sa tawag na Tertiary Education Subsidy ang isa sa mainit na usapin ngayon sa JRMSU Dipolog Campus. Pero paano nga ba nasukat nang biyayang ito ang pasensya, pag-unawa at pagiging responsable ng mga mag-aaral ng Unibersidad na ito?

Dahil din sa programang ito, malaking na ang pagkakataon ng mga mag-aaral na TES Grantees na makapag tapos sa pag-aaral sapagkat malaking tulugan nag TES na ito para sa kanilang pang pinansyal bukod pa roon, libre na din ang

matrikula kung kaya't wala nang rason para sa mga mag-aaral na ito para tumigil pa sa pag-aaral.

Sari-saring mga opinyon at hinanaing ang naglabasan dahil sa kagustuhan ng mga estudyante na makuha na kaagad ang biyayang ipinagkaloob sa kanila ng gobyerno. Karamihan sa mga hinanaing na ito ay nagkalat sa social media na kung saan ang kanilang pinupuntirya ay ang mga opisyal ng Guidance office.

Hindi biro ang responsibilidad na ibinigay sa mga opisyal ng guidance at maging ng

cashier. Nagsumikap sila na mapabilis ang pagbibigay ng benispisyong nakalaan para sa mga TES Grantees ng Unibersidad na ito, subalit marami ang hindi nakakaunawa at patuloy na nanghuhusga at kumukwestyon sa pagproseso ng nasabing TES.

Huwag tayong umasta na parang argabyado tayo. Huwag tayong umasta na niloloko tayo. At higit sa lahat, huwag tayong umasta na parang walang pinag-aralan.

Matuto tayong maghintay, umunawa at magpasalamat sa oportunidad na ipinagkaloob sa atin sapagkat hindi lahat ay nabiyayaan ng ganitong pagkakataon. Kaya maging responsible.

Sariling Pananaw

Bagong Taon, Bagong Pag-asa!

ni: Roger E. Bagalanon



Bagong taon, bagong pag-asa! Linyang nakasanayan na nating mga pinoy. Ang linyang ito ang nagbibigay pag-asa sa mga Pilipino upang harapang masaya ang bukas, manatiling positibo ang pananaw sa buhay at ang nagbibigay ng lakas ng loob upang bumangon mula sa pagkadapa sa madilim na kahapon.

Salat man sa yaman ang karamihan, ngunit sa pagsapit ng bagong taon ay sinasalubong natin itong may ngiting nagniningning sa ating mga labi na puno ng pag-asa, na sa pagsalubong sa bago na namang taon ay biniyayaan tayo ng panibagong buhay, lakas ng pangangatawan at tibay ng loob sa pagharap sa paparating na pagsubok sa buhay.

Sa pagsalubong ng bagong taon, nakagawian nating mga Pilipino ang paghahanda ng mga masasarap na pagkain maging ng mga bilog na prutas sa paniniwalang ang mga ito ay magbibigay ng magandang buhay sa pagsapit ng

bagong taon at bilang pasasalamat sa rin sa poong may kapal sa isang buong taon na dumaan sa puno man ng pagsubok ay buong tatag na nalampasan at napagtagumpayan.

Maliban sa mga nabanggit, naging pamahin din ang pag-iingay sa pamamagitan ng mga paputok, at mga torotot upang maitaboy ang mga malas at masasamang ispiritu. Ginagawa rin ang pagpapatunog at paghahagis ng mga barya upang maging swerte sa pinansyal, ang pagtalon para tumangkad at pagpisil ng ilong para tumangos. Patunay lamang ito na tayong mga Pilipino at positibo at habang buhay na hindi mawawalan ng pag-asa.

Pag-asa at ligaya ang hatid sa atin ng bagong taon. Isa ito sa mga araw, maliban sa pasko, ang nagbubuklod sa ating mga Pilipino. Nawa'y sa darating pang mga henerasyon ay manitili tayong masaya at nagmamahalan at ipagpapatuloy ang mga nakagawian.

Kasalukuyang may dalawang bilyong tao ang aktibong gumagamit ng social media sa buong mundo at ito ay nakakaapekto sa buhay at edukasyon. Ito ay ayon sa Google, isang website sa internet.

Pinaliit ng social media ang ating mundo, karamihan sa mga tao sa mundo ay may kanya-kanyang pattern na sinusunod sa paggamit ng iba't ibang uri ng social media.


Sa mga uri ng social media, ang sinasabing pinakakilala ay ang "Facebook" na kung saan ang gumagamit ay maaring magpadala ng mesahe, mag upload ng mga larawan, videos, makipga-chat o makipag-usap at iba't ibang gamit nito.

Marami pang iba't

Batingaw

Epekto ng Social Media sa mga mag-aaral

ni: Brix Jasper De Leon



ibang uri ng social media ang ginagamit ng mga mag-aaral, guro, mga magulang ganoon din ng iba't ibang uri ng tao sa daigdig. Ang iba pang ginagamit ay ang Twitter at Instagram na may iisang layunin ang makipag-ugnayan sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Sa paglipas ng panahon, lalong dumarami ang gumagamit ng social media, at mapapansin na ang paggamit ng social media ang may mabuti at masamang epekto sa karamihan lalong lalo na sa

mga mag-aaral at edukasyon.

Ang masamang epekto nito ay ang kawalan ng oras sa pag-aaral at pagkahumaling sa iba't ibang uri ng social media na minsan ay siyang pinagmumulan ng gulo at kapahamakan ng isang tao. Nalilimitahan rin ang pakikisalamuha sa ibang tao nang dahil sa pagkahumaling rito.

Sa kabilang banda, may mabuti rin namang naidudulot ang social media tulad ng mabilis na pagkalat ng impormasyon at kaalaman, mabilis na

pakikipag-ugnayan sa mga tao.

Nabibigyan din ng magandang pagkakataon ang mga mag-aaral upang lalo pang malinang ang kanilang pakikiamalikhaing pagkamasining at patuloy sa

pagkakaroon ng mga makabagong ideya.

Madaming epekto ang naidudulot ng social media sa bawat isa. Pero nasa tao parin kung paano maging responsable sa paggamit ng iba't ibang uri ng social media.

LATHALAIN

MAGING HANDA SA SAKUNA



ni: Venus Mariel Napigkit

Maaring mangyari ang sakuna anumang oras. Mahalagang magplano bago man ito mangyari upang maalagaan mo ang iyong pamilya at maging ang bawat isa. Mayroong pagkilos na maaring mong gawin upang maging ligtas sa mga sakuna. Narito ang mga tip upang maging handa sa mga sakuna:

MAGPLANO

Mabuting magplano ng mga dapat gawin at hindi dapat gawin bilang paghahanda sa posibleng pagdating ng sakuna.

MAGTULUNGAN

Maiging magtulungan para sa kaligtasan ng bawat isa. Huwag pabayaang may masaktan o mamatay.

MAGHANDA

Mabuting maghanda ng mga kinakailangan na maaring magamit sa oras ng sakuna tulad ng tubig, flashlight, pagkain, damit, first aid kit, at higit sa lahat ihanda ang iyong SARILI- pisikal, emosyal ispiritual.



Tunay kang Inspirasyon, Dok!

ni: Mevilona Silva



Ang tagumpay ay hindi basta-bastang dumarating sa buhay ng tao, bagkos ito ay pinaghihirapan at pinagsisikapan.

Pamilya ang naging inspirasyon ng Propesor na ito para makamit ang tagumpay niya sa buhay. Siya si Propesor Elsie P. Sandueta, 42 taong gulang, at nagtapos ng kanyang Doctor of Philosophy noong taong 2012 sa Mindanao State University-Iligan Institute of Technology (MSU-IIT).

Noong 2011 hanggang 2014 ay nagtrabaho siya sa Department of Public Works and Highways (DPWH). Naging guro sa Andres Bonifacio College simula taong 1998 hanggang 2016, at sa kasalukuyan, simula Hulyo, 2014 ay naging Propesor ng Jose Rizal Memorial State University, Dipolog Campus.

Isa si Prof. Sandueta sa mga napiling guro ng JRMSU Dipolog Campus upang mag presenta ng kanilang Research sa idinaos na 16th Association of Universities of Asia and the Pacific (AUAP) International Learning and Sharing Forum na ginanap sa Dakak Park Beach and Resort noong Pebrero 05-08 2019.

Naging partisipante rin si Prof. Sandueta ng iba't ibang Seminar, Workshop at Conference sa local, national at maging international tulad na lamang ng International Seminar on Write-shop on Scholarly and Academic Writing na ginanap noong Mayo 13-15 2016.

Nakapag lathala na rin si Prof. Sandueta ng apat na resirts, hindi lamang local kundi internasyonal, kung kaya't hindi imposible na magawaran siya ng iba't ibang parangal tulad na lamang ng parangal na iginawad sa kanya noong JRMSU System Wide Fellowship and Christmas Party bilang "Best Researcher" ng buong JRMSU.

Maraming pagsubok din ang hinarap ni Prof. Sandueta bago niya nakamit ang lahat ng biyayang ipinagkaloob sa kanya ngayon, ngunit hindi siya nagpatinag sa anumang hira, pagkabigo at pagsubok, bagkos siya ang patuloy na lumaban hanggang sa makarating sa tugatog ng tagumpay.